CCBC

CAPITOL CITY BAPTIST CHURCH

# EXPAND

*CCBC Prayer & Fasting 2026*

## *Devotional*

TAGLISH

# Expand in Prayer

Tinatawag ng Diyos ang CCBC Family sa isang season ng pag-expand—spiritually, personally, at bilang isang church community. Wala nang mas magandang paraan para simulan ang taon kundi ang mag-focus at makinig kung paano Niya gagawin ang Kanyang mga layunin sa pamamagitan ng ating personal at sama-samang panalangin.

Ayon sa Salita ng Diyos, ang Templo ng Diyos ay dapat maging Bahay ng Panalangin (Isaiah 56:7; Matthew 21:13; Luke 19:46), "ang aking bahay ay tatawaging bahay ng panalangin para sa lahat ng nations."

At hindi lang iyon; tinatawag din Niya tayong mga mananampalataya bilang mga templo ng Banal na Espiritu kay Cristo, "Hindi ba ninyo alam na ang inyong katawan ay templo ng Banal na Espiritu na nasa inyo, na tinanggap ninyo mula sa Diyos?" (1 Corinthians 6:19).

Kaya malinaw ang paanyaya: mag-expand tayo sa corporate prayer para sa lahat ng mga nations at sa ating mga personal lives para sa ating kabanalan

Magkaugnay ang dalawa. Hindi puwedeng isa lang.
Ang bagong taon ay perfect timing para sa atin bilang CCBC Family na huminto, makinig, at mag-reflect kung paano gustong i-direct ng Diyos ang buhay natin individually at bilang isang church sa darating na taon.

This is the CCBC way.

This is the way of Jesus.

# What is prayer and fasting?

Sa Acts 13:2–3, mababasa natin: *"Habang sila (ang mga lider ng simbahan) ay sumasamba sa Panginoon at nag-aayuno, sinabi ng Banal na Espiritu, 'Ihiwalay ninyo para sa akin sina Bernabe at Saulo para sa gawaing itinawag Ko sa kanila.' Kaya matapos silang mag-ayuno at manalangin, ipinatong nila ang kanilang mga kamay at isinugo sila."*

Na-discern ng early Church ang next steps nila sa pamamagitan ng panalangin at pag-aayuno. Sa buong history ng Church, makikita natin na ang spiritual awakenings at Christ-centered revivals ay nangyayari sa mga lugar kung saan nagkakaisa ang bayan ng Diyos sa prayer and fasting.

Ito rin ang panalangin natin para sa CCBC sa season na ito ng ating journey. Nananabik tayong makita ang paglawak ng kaharian ng Diyos sa pamamagitan ng unique vision na ipinagkatiwala Niya sa atin. Kaya ginawa ang 7-day Prayer and Fasting Guide na ito—para sabay-sabay nating tahakin ang layuning iyon.

Habang nagpe-pray ka bawat araw, makinig ka sa tinig ng Holy Spirit. Buksan mo ang puso mo sa anumang gusto Niyang ipakita o itama. Mag-journal kung kaya, at kung may ilalantad ang Ama sa iyong puso—mga struggles, doubts, o kasalanan—i-confess mo ito sa Kanya (1 John 1:9).

At higit sa lahat, manampalataya ka: sa sagot sa ating mga panalangin, ang Diyos ay handang gumawa ng higit pa sa lahat ng ating hinihiling o naiisip—dito sa CCBC at sa pamamagitan ng CCBC.

# How do I fast?

*Biblical fasting is choosing not to partake of food because your spiritual hunger is so deep, your determination in intercession so intense, or your spiritual warfare so demanding that you have temporarily set aside even fleshly needs to give yourself to prayer and meditation.*

-Wesley L. Duewel

**Sa madaling salita, ang fasting ay intentional na pag-iwas sa pagkain (o ibang cravings) sa loob ng isang takdang panahon para mas tutok tayong hanapin ang kalooban ng Diyos sa panalangin.** Sa prayer and fasting, nagpapakumbaba tayo sa harap ng Diyos. Hinahayaan nating gisingin ng Holy Spirit ang ating puso, palakasin ang ating pamilya, buhayin ang ating church, at hilahin ang ating mga komunidad papalapit kay Jesus.

Kung first time mo mag-fast, okay lang. Gusto naming maging positive at life-changing ang experience na ito. Kaya may iba't ibang levels na puwede mong piliin.

**Beginner Level**

**Object Fast** (hal. social media, Netflix/streaming, gaming, online shopping, etc.)

Perfect ito kung hindi ka pa sanay mag-fast sa pagkain o kung may areas sa life mo na parang out of balance na. Halimbawa, puwede mong i-pause muna ang social media or binge-watching, tapos ibalik ito later nang mas healthy.

**Intermediate Level**

**Partial Fast** (e.g. only one or two meals a day, more vegetables, etc.)

Nililimitahan mo ang pagkain sa isa o dalawang meals, at pinapalitan ang ibang mealtime ng prayer at Bible reading. Kasama rito ang Daniel Fast (Water lang ang drink, Fruits, vegetables, whole grains, legumes, walang processed food, sweeteners, o chemicals). Mag-set ng prayer times sa: 9:00 AM | 12:00 NN | 3:00 PM | 6:00 PM (Plus 6:00 AM kung early riser ka)

**Advance Level**

**Liquid Fast / Complete Fast**

Liquids lang—karaniwan water, minsan light juice or soup. Important: Kung may health condition ka, mag-consult muna sa doctor.

Bago mag-fast, iwasan ang “last supper” mindset. Mas okay ang light meal (fruits and veggies). Iwasan ang oily at greasy food.


Sa pag-break ng fast, dahan-dahan lang. Start light, mostly fruits and vegetables, bago bumalik sa regular diet.

## Paalala

May mga taong hindi dapat mag-food fast nang walang professional supervision, tulad ng:

- Masyadong payat o may eating disorders
- May anemia o matinding panghihina
- May serious medical conditions
- Diabetics na nag-i-insulin
- Buntis o nagpapasuso
- Mga bata

Kung kabilang ka rito, puwede kang pumili ng object fast.



# Paghahanda para sa Prayer and Fasting

## Day 1 — Sunday, Jan 18

## Mga Commitments Ko sa Prayer and Fasting

**Monday January 19 Fasting Types:**
*(e.g. social media, entertainment, dinner, water only, etc.)*

Prayer focus: Personal Life (spiritual breakthrough, personal repentance, career, school, etc.) Specifically, I want to pray for...

**Tuesday January 20 Fasting Types:**

Prayer focus: Family. Specifically, I want to pray for...

## Wednesday January 21 Fasting Types:

Prayer focus: Relationships and spiritually lost peers, friends, and family. Specifically, I want to pray for...

## Thursday January 22 Fasting Types:

Prayer focus: CCBC Family (pastors, leaders, missionaries, volunteers, ministries, etc). Specifically, I want to pray for...

**Friday January 23 Fasting Types:**

Prayer focus: The Philippines, its government and civic leaders, families, and the next generation. Specifically, I want to pray for...

**Saturday January 24 Fasting Types:**

Prayer focus: Global missions work (CCBC daughter churches and church planting, missionaries, partner organizations, persecution of Christians in restricted regions, etc). Specifically, I want to pray for...

**Additional Prayer Day: Sunday January 25:**

Prayer focus: Other personal burdens. Specifically, I want to pray for…

________________________________________

________________________________________

________________________________________

________________________________________

________________________________________

# DAILY DEVOTIONALS

*Mga Pang-araw-araw na Devotionals*

**Day 2** **Monday, Jan 19**

# Jesus, pangunahan Mo kami

*"Ipadala Mo sa akin ang Iyong liwanag at ang tapat Mong pag-aaruga; hayaan Mong sila ang gumabay sa akin at magdala sa akin sa Iyong banal na bundok, sa lugar kung saan Ka nananahan."*
**— Psalm 43:3**

*"Kapag dumating na ang Espiritu ng katotohanan, Siya ang gagabay sa inyo sa buong katotohanan. Hindi Siya magsasalita mula sa Kanyang sarili, kundi sasabihin Niya ang Kanyang naririnig, at ipapahayag Niya ang mga bagay na darating."*
**— John 16:13**


**Mga Ipananalangin**

- Ipanalangin natin na ang **Banal na Espiritu ang manguna sa atin**, at malinaw na makita ang Kanyang kalooban at direksyon sa bawat hakbang ng ating church.
- Ipanalangin na maging klaro na **bawat ministry ng CCBC ay gawa ng Espiritu ng Diyos**, hindi lang ng tao.
- Ipanalangin na ang ating **worship services** ay maging buhay na patunay ng kilos ng Holy Spirit.
- Ipanalangin na ang mga **mensaheng ipinapangaral sa pulpito** ay puspos ng kapangyarihan ng Espiritu at magbunga ng tunay na pagbabago ng buhay.
- Ipanalangin na ang ating **mga mensahe at awitin** ay umabot sa mga bagong tao at lugar—onsite man o online.
- Ipanalangin na ang mga **kalalakihan, kababaihan, at young adults** ay pangunahan ng Espiritu na mahalin si Jesus nang buong puso, sa bahay man o sa trabaho.
- Ipanalangin na ang ating **mga bata** ay mahubog sa katotohanan ng gospel.

- Ipanalangin na ang ating **mga kabataan** ay magkaroon ng lakas ng loob at kapangyarihan na ipamuhay si Jesus sa kanilang mga barangay at campus.
- Ipanalangin na magkaroon ng **spiritual growth at formation** sa ating mga small groups.
- Ipanalangin na ang ating **mga volunteers** ay maglingkod mula sa lakas na galing sa Diyos, bunga ng kanilang malalim na relasyon sa Kanya.
- Ipanalangin na bigyan ng Diyos ang ating **mga pastor at elders ng malinaw na vision**, at palakasin silang muli—spiritually, physically, at mentally—kasama ang kanilang mga pamilya.
- At sa lahat ng ginagawa natin, ipanalangin na **maluwalhati ang Diyos** at makilala ang Kanyang pangalan dito sa **Quezon City at lampas pa.**

Ano ang mga thoughts o realizations na inilagay ng Diyos sa puso mo ngayong araw?

NOTES



**Day 3** **Tuesday, Jan 20**

# Jesus, patawarin Mo kami

*““Inamin ko sa Iyo ang aking kasalanan at hindi ko itinago ang aking kasamaan. Sinabi ko, ‘Ipahahayag ko sa Panginoon ang aking mga pagsuway,’ at pinatawad Mo ang bigat ng aking kasalanan.”*
**— Psalm 32:5**

*“Kung ipinapahayag natin ang ating mga kasalanan, Siya ay tapat at makatarungan na magpapatawad at maglilinis sa atin mula sa lahat ng kalikuan.”*
**— 1 John 1:9**

**Mga Ipananalangin**

- Ipanalangin na ang ating **mga pagtitipon at ministries** ay maging buhay at epektibo sa paghubog ng mga tagasunod ni Cristo na nagbabago ng kanilang komunidad.
- Ipanalangin na **magpakumbaba ang ating mga puso** at matutong sumunod sa mga plano ng Diyos.

- Ipanalangin ang **godly sorrow** na humahantong sa tunay na pagsisisi at espirituwal na kalusugan ng buong church.
- Ipanalangin na **yakapin natin ang kapatawaran ni Cristo**, at matutong magpatawad din sa mga taong nakasakit sa atin.
- Ipanalangin ang **tapang na harapin ang kasalanan**, at karunungan kung paano ito gagawin nang may grasya at pag-ibig na humahantong sa restoration.
- Ipanalangin na **linisin ng Diyos ang ating "bahay"**—ang ating mga puso at church—at tanggapin ang paggawa at pagkilos ng Holy Spirit.
- Ipanalangin na maitayo ang **matibay na pundasyon sa Salita ng Diyos** at ang kusang pagsunod sa biblical principles.

Ano ang mga thoughts o realizations na inilagay ng Diyos sa puso mo ngayong araw?

NOTES

## Day 4 Wednesday, Jan 21

# Jesus, bigyan Mo kami ng Iyong karunungan

*"...upang makilala ng lahat ang Iyong makapangyarihang gawa at ang maluwalhating kadakilaan ng Iyong kaharian."*
**— Psalm 145:12**

*"Kung ang sinuman sa inyo ay nagkukulang sa karunungan, humingi siya sa Diyos, na nagbibigay nang sagana at walang panunumbat."*
**— James 1:5**

**Mga Ipananalangin**

- Ipanalangin ang **karunungang mula sa Diyos** habang tinatahak natin ang CCBC Vision 2029 at ang mga gawain ngayong taon.
- Ipanalangin ang **sensitibong pakikinig sa tinig ng Holy Spirit** sa lahat ng leadership meetings.
- Ipanalangin ang **karunungan** sa mga desisyon tungkol sa finances, staffing, missions, church planting, at iba pang mahalagang usapin.
- Ipanalangin na ang **communication process** ay malinaw at payapa—walang kalituhan o kaguluhan.
- Ipanalangin na **magbangon ang Diyos ng next-generation elders at deacons**, at bigyan tayo ng kakayahang hubugin sila.
- Ipanalangin ang **Midweek Encounter with God (MEG)** ngayong 7:00 PM sa Zoom—na maranasan ng CCBCers ang kapangyarihan ng Diyos kahit online.

Ano ang mga thoughts o realizations na inilagay ng Diyos sa puso mo ngayong araw?

NOTES





Thursday, Jan 22

Day 5

# Jesus, ingatan Mo kami

*"...Magpakatatag kayo sa Panginoon at sa Kanyang dakilang kapangyarihan... sapagkat ang ating pakikipaglaban ay hindi laban sa laman at dugo..."*
**— Ephesians 6:10–13**

**Mga Ipananalangin**

- Ipanalangin na maranasan ng CCBC ang **makapangyarihang kilos ng Diyos** na mag-iiwan sa bawat isa na binago ng Kanyang presensya at masigasig para sa Kanyang kaharian.

Ano ang mga thoughts o realizations na inilagay ng Diyos sa puso mo ngayong araw?

NOTES

## Day 6 Friday, Jan 23

# Jesus, pagpalain Mo kami


*"Sa Kanya na kayang gumawa ng higit pa sa ating hinihiling o iniisip..."*
**— Ephesians 3:20–21**


**Mga Ipananalangin**

- Ipanalangin ang **spiritual protection** laban sa panlilinlang, tukso, at plano ng kaaway.
- Ipanalangin na ilayo ng Diyos ang CCBC sa **kalituhan at kaguluhan.**
- Ipanalangin na makita ang **supernatural works ni Jesus** na magbabago sa ating mga komunidad.
- Ipanalangin na **lumago ang ating generosity** para maikalat ang ebanghelyo hanggang sa dulo ng mundo.

Ano ang mga thoughts o realizations na inilagay ng Diyos sa puso mo ngayong araw?

NOTES





Day 7 Saturday, Jan 24

# Jesus, bigyan Mo kami ng kapahingahan

*"Lumapit kayo sa Akin... at kayo'y bibigyan Ko ng kapahingahan."*
**— Matthew 11:28–30**

**Mga Ipananalangin**

- Ipanalangin na mapuno tayo ng **kapayapaan ni Cristo.**
- Ipanalangin ang **tunay na pahinga** kasama ang pamilya at mga kaibigan.
- Ipanalangin ang **pasasalamat** sa lahat ng ginawa ng Diyos sa ating buhay at sa CCBC.
- Ipanalangin ang **pag-asa sa mga pangako ng muling pagbabalik ni Cristo.**
- Ipanalangin na ang CCBC ay patuloy na maging **ilaw at pag-asa** sa komunidad.
- Ipanalangin ang **Breaking of the Fast prayer gathering** sa 9:00 AM—na may personal at sama-samang consecration.

Ano ang mga thoughts o realizations na inilagay ng Diyos sa puso mo ngayong araw?

NOTES

## Additional Prayer Day Sunday, Jan 25

# Jesus, bigyan Mo kami ng pananampalataya

*"Magkaroon kayo ng pananampalataya sa Diyos..."*
**— Mark 11:22–24**


**Mga Ipananalangin**

- Ipanalangin ang **matapang at matibay na pananampalataya** para sa kinabukasan ng CCBC.
- Ipanalangin na mapalitan ang **panghihina ng loob ng pag-asa**.
- Ipanalangin na tanggapin natin ang mga plano ng Diyos at **humakbang sa pananampalataya.**

Ano ang mga thoughts o realizations na inilagay ng Diyos sa puso mo ngayong araw?

NOTES

MGA PANG-ARAW-ARAW NA DEVOTIONALS





# Paano tumigil sa Fasting

## 1. Dahan-dahan lang

Huwag biglain ang pagkain. Small portions muna para iwas sakit.

## 2. Tuloy ang Panalangin

Huwag sayangin ang momentum. I-build mo ito sa daily prayer life mo.

## 3. Mas Malalim na Intimacy kay God

Habang nagpapakumbaba ka at nagme-meditate sa Salita Niya, mas mararamdaman mo ang presensya at kilos ng Diyos (John 14:21).

## 4. Experience the Joy of God's Presence

Manatili sa Kanya—and experience the fullness of joy that only God can give.

# Mga events ngayong linggo

## Midweek Encounter with God

January 21, Wednesday
7:00 PM, Zoom

## Breaking of the Fast

January 24, Saturday
9:00 AM, CCBC Tent
111 West Ave, QC